


## Nag-aalala ka ba tungkol sa iyong immigration status?

ANG DEPARTAMENTO NG PULISYA NG SEATTLE AT IBA PANG KINATAWAN NG LUNGSOD AY **HINDI MAGTATANONG TUNGKOL SA IYONG IMMIGRATION STATUS**, AT ANG IYONG IMMIGRATION STATUS AY HINDI MAGKAKAROON NG EPEKTO SA IYONG KASONG PAGNANAKAW NG SAHOD.

NAIS NG DEPARTAMENTO NG PULISYA NG SEATTLE NA PAGYAMANIN ANG TIWALA AT PAGTUTULUNGAN SA LAHAT NG MGA TAO SA LUNGSOD NG SEATTLE AT HIMUKIN ANG LAHAT NG MGA NAGREREKLAMO, MGA SAKSI, AT MGA BIKTIMA NA MAKIPAG-UGNAYAN SA MGA OPISYAL NG PULISYA NG SEATTLE NANG WALANG PAGTATANONG TUNGKOL SA KANILANG IMMIGRATION STATUS.



## PAANO MAGHAIN NG ISANG REKLAMONG KRIMINAL

- Tumawag sa 911 para sa mga emerhensiya kung sa tingin mo ay nasa kagyat kang panganib.
- Tumawag sa 206-625-5011 para sa mga di-emerhensiya.
- Tumawag sa Customer Service Bureau, ang opisina para sa reklamo at impormasyon ng Lungsod ng Seattle sa 206-684-2489 (LUNGSOD).
- Maghain ng report on-line sa:

  seattle.gov/police/report

  o

  seattle.gov/customerservice/request.htm

NILIKHA NG MAGKASANIB NA PAGTUTULUNGAN SA PAGITAN NG:

**TANGGAPAN NG ABOGADO NG LUNGSOD NG SEATTLE**
**DEPARTAMENTO NG PULISYA NG SEATTLE**
**TANGGAPAN NG IMMIGRANT AND REFUGEE AFFAIRS NG SEATTLE**

City of Seattle

# ANG PAGNANAKAW NG SAHOD AY ISANG KRIMEN



## ANG ORDINANSA NG SEATTLE SA PAGNANAKAW NG SAHOD AY MAKAKATULONG SA IYO NA MAKUHA ANG MGA SAHOD NA PINAGSIKAPAN MO

TAGALOG




# ANG PAGNANAKAW NG SAHOD AY ISANG KRIMEN

## ANG HINDI PAGBABAYAD SA IYO NG MINIMUM NA SAHOD AY ISANG KRIMEN

## ANG HINDI PAGBABAYAD SA IYO NG MGA SAHOD NA IPINANGAKO AY ISANG KRIMEN

## ANG PAGPAPATRABAHO SA IYO NANG WALANG BAYAD NA OVERTIME AY ISANG KRIMEN

## ANG PAGPAPATRABAHO SA IYO NANG WALA SA ORAS AY ISANG KRIMEN

## ANO ANG PAGNANAKAW NG SAHOD

Ang pagnanakaw ng sahod ay ang hindi pagbabayad sa mga manggagawa ng mga sahod na kailangang bayaran sa kanila, at nagaganap sa maraming industriya, kasama ang pagtitingi, konstruksiyon, paglilinis, pag-aasikaso ng bahay, restawran, at mabilis na pagkain.

### Kabilang sa pagnanakaw ng sahod ang:

- binabayaran nang mas mababa sa minimum na sahod na $9.32 sa taong 2014
- pinupwersang magtrabaho nang wala sa oras
- hindi binabayaran ang lahat ng mga oras na pinagtrabahuhan
- hindi binabayaran sa halagang ipinangako
- hindi binabayaran sa overtime

## ORDINANSA SA PAGNANAKAW NG SAHOD NG SEATTLE

Sa Seattle, isang malubhang paglabag sa batas ang intensiyong gumawa ng pagnanakaw ng sahod. Nangangahulugan ito na ang isang tao ay maaaring maaresto dahil sa hindi pagbabayad sa isang manggagawa kung ano ang kailangang bayaran sa kanya.

### Sino ang nasasaklawan ng ordinansa?

- Mga manggagawang nagtatrabaho sa loob ng Lungsod ng Seattle
- Mga manggagawang nagtatrabaho sa labas ng Lungsod ng Seattle na kinuhang magtrabaho sa loob ng Lungsod ng Seattle

### Paano tumutulong sa akin ang ordinansa?

Kung ang iyong amo ay nausig, siya ay maaaring :

- Utusan na bayaran ka sa lahat ng sahod na ninakaw
- Ibilanggo
- Alisin ang kanyang lisensiya sa negosyo

## ANO ANG GAGAWIN KUNG ISA KANG BIKTIMA

Kung naniniwala ka na isa kang biktima ng pagnanakaw ng sahod, maghain ng isang reklamong kriminal sa Departamento ng Pulisya ng Seattle, at tumulong sa imbestigasyon sa pamamagitan ng pagkakaroon ng impormasyong ito:

### Sino ang hindi nagbayad sa iyo ng mga sahod?

- Ibigay ang pangalan, lugar ng tirahan, numero ng plaka ng lisensiya, at/o mga numero ng telepono ng iyong amo, may-ari ng negosyo, o sinuman na nangasiwa sa iyong trabaho.

### Paano mo ipapakita na ikaw ay nagtrabaho sa iyong amo?

- Ibigay ang mga kopya ng mga dokumento o papeles, mga e-mail, text, mga larawan sa lugar ng trabaho, sinumang mga saksi na nakakita sa iyo na nagtatrabaho, isang paglalarawan ng trabaho at lokasyon, mga petsa kung kailan isinagawa ang trabaho, o isang nasusulat na sumaryo ng trabahong isinagawa o ipinangakong kabayaran.

### Paano mo ipapakita na ikaw ay hindi nabayaran?

- Ibigay ang mga kopya ng mga stub ng pagbabayad, mga resibo ng kabayaran, mga dineposito o mga tsekeng non-sufficient fund, mga rekord ng bangko sa mga dinepositong pera, mga dyornal o mga timesheet na sumusubaybay sa mga oras na nagtrabaho at perang ibinayad, o isang pagbubuod tungkol sa mga problemang inihain mo tungkol sa iyong sahod at ang tugon ng iyong amo.

Laganap ang pagnanakaw ng sahod sa ilang impormal na negosyo kung saan ang mga manggagawa ay madalas na binabayaran ng cash at walang mga pormal na nakasulat na dokumento o mga payroll check. Maaari ka pa ring matulungan ng Lungsod ng Seattle kahit na wala ka ng ilan sa mga bagay na ito.